

Agosto 30, 2022
19

Kautusang Tagapagpaganap 2022-

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-19
UTOS TUNGKOL SA PANGANGASIWA NG MGA NALIKOM SA SETTLEMENT NA
NATANGGAP MULA SA PAGLILITIS NG ILLINOIS SA OPIOID
AT PAGLIKHA NG ILLINOIS OPIOID REMEDIATION ADVISORY BOARD AT NG
OFFICE OF OPIOID SETTLEMENT ADMINISTRATION

SAPAGKAT, ang epidemya ng opioid ay may mapangwasak na epekto sa mga komunidad, kapitbahayan, pamilya, at residente ng Estados Unidos, sa ekonomiya nito at sa pangkalahatang kalusugan at kagalingan ng populasyon nito; at

SAPAGKAT, iniulat ng Illinois Department of Public Health (IDPH) na may 2,944 Opioid Overdose Deaths sa Illinois noong 2020, na nagpapakita ng 33% na pagtaas mula 2019; at

SAPAGKAT, sa pagkilala sa pinsalang dulot ng mga distribyutor at prodyuser ng opioid sa mga indibidwal at pamilya, nagsampa ng maraming kaso ang State Attorneys General na naghahangad ng pagbawi sa ngalan ng mga apektado ng paggamit ng opioid at ang Illinois ay nangunguna sa pagsisikap na ito; at

SAPAGKAT, ang opioid settlement sa bansa, sa paglagda ng order na ito, ay naabot na sa mga distribyutor at manufacturer ng opioid (“mga Settlement”); at

SAPAGKAT, kaugnay ng naturang mga Settlement, mula sa Petsa ng Simula ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Illinois Attorney General ay nakipagkasundo sa hindi bababa sa 94 na mga county at 77 na munisipalidad tungkol sa pamamahagi ng mga natanggap mula sa paglilitis nito na nauugnay sa opioid, na kilala bilang Illinois Opioid Allocation Agreement na nagsimula noong Disyembre 30, 2021 (“Agreement”), kabilang ang lahat ng mga county na may populasyon na hindi bababa sa 250,000, na kumakatawan sa hindi bababa sa 60% ng populasyon ng Estado; at

SAPAGKAT, inaasahan na ang Illinois ay makakatanggap ng humigit-kumulang \$760,000,000 mula sa mga Settlement na ito sa susunod na 18 taon, kung ang pagbawi ay susulitin; at

SAPAGKAT, inaasahan din na ang Illinois ay makakatanggap ng mga karagdagang pagbawi mula sa mga paghatol o pagsasaayos sa pagresolba ng mga claim na may kaugnayan sa epidemya ng opioid at magresultang krisis sa kalusugan ng publiko na sasailalim sa Agreement; at

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng Agreement, 55% ng mga nalikom na ito ay inilalaan sa Illinois Opioid Remediation State Trust Fund (“Pondo”) at dapat gamitin para sa mga layunin ng progresibong pagbabawas ng opioid; at

SAPAGKAT, ang Agreement ay higit pang naglalaan para sa pagtatatag ng Illinois Opioid Remediation Advisory Board (“Advisory Board”) upang magbigay ng non-binding na mga rekomendasyon sa Estado tungkol sa pangangasiwa at pamamahagi ng Pondo; at

SAPAGKAT, ang Estado ay gagawa ng mga huling pagpapasiya tungkol sa pangangasiwa at pamamahagi ng Pondo; at

SAPAGKAT, kinilala ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-02 ang mga patuloy na suliraning nauugnay sa substance use disorder at itinatag ang Opioid Overdose Prevention and Recovery Steering Committee; at

SAPAGKAT, naiintindihan ng Estado na dapat itong magpatuloy sa mga pagsisikap na tugunan ang krisis sa opioid sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga kasanayang nakabatay sa ebidensya, ng State Overdose Action Plan (SOAP), Opioid Overdose Prevention and Recovery Steering Committee, at ang pagpapanatili ng Illinois Helpline for Opioids and Other Substances upang makapagbigay ng pantay na pag-access sa mahahalagang serbisyo ng Estado; at

SAPAGKAT, ang datos ng IDPH kaugnay ng overdose ay patuloy na naglalahad na ang ilang partikular na komunidad sa Illinois ay patuloy na lubhang naapektuhan. Noong 2021, ang pinakamataas na overdose fatality rate ay kabilang sa mga non-Hispanic Blacks (55.3 sa 100,000 ng bawat populasyon) kumpara sa overdose fatality rate sa mga non-Hispanic Whites (20.8 sa 100,000 ng bawat populasyon); at

SAPAGKAT, ito ay para sa ikabubuti ng mga mamamayan ng Illinois na ang mga programa at patakaran nito ay pantay na pamamahagi ng mga pondo para itaguyod ang pag-access ng mga indibidwal at komunidad sa prebensyon at paggamot, sa paraang nakapagpapabawas ng pagkakaiba-iba; at

SAPAGKAT, ang IDHS ay nakikipagtulungan sa IDPH, Illinois Department of Healthcare and Family Services, Illinois State Police, iba pang ahensya ng Estado sa SOAP, at iba pang hurisdiksyon upang matiyak na ang mga estratehiya sa pagbabawas ng overdose ay naa-access; at

SAPAGKAT, ang Opioid Settlement Funding ay gagamitin para sa mga programa sa pagbabawas ng overdose (Approved Abatement Programs), na maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

1. Naloxone o Iba Pang Gamot na Aprobado ng FDA para I-reverse ang Opioid Overdose
2. Paggamot sa Tulong ng Medikasyon/Paggaling sa Tulong ng Medikasyon
3. Mga Serbisyo para sa Mga Buntis at Post-Partum na may Opioid Use Disorder
4. Mga Serbisyo para sa Neonatal-Abstinence Syndrome
5. Mga Serbisyo sa Paglipat ng Pangangalaga (warm hand-off) at Mga Serbisyong Nakatuon sa Paggaling
6. Paggamot sa mga Nakakulong na Tao
7. Mga Programa sa Prebensyon
8. Mga Programa sa Pagbabawas ng Pinsala at Syringe Service Programs

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Konstitusyon ng Estado ng Illinois bilang Gobernador ng Estado ng Illinois at naaayon sa mga kapangyarihang itinakda sa mga batas ng Estado sa pampublikong kalusugan para protektahan at itaguyod ang pangkalahatang kapakanan ng mga Mamamayan ng Estado ng Illinois, iniuutos ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Sa pamamagitan nito, ang Office of Opioid Settlement Administration (“Opisina”) ay nilikha sa Illinois Department of Human Services (“IDHS” o “Departamento”).

Seksyon 2. Ang Opisina ay ilalagay sa Division of Substance Use, Prevention and Recovery (“SUPR”) ng Departamento at kukuha ako ng isang Statewide Opioid Settlement Administrator (SOSA) na mamumuno sa Opisina. Pansamantala, ang itinalaga na pinangalanan ng Kalihim ay siyang unang magsisilbing SOSA at dapat iulat ang lahat ng aksyon na ginawa ng Opisina sa Kalihim, Tanggapan ng Gobernador, at Tanggapan ng Attorney General.

Seksyon 3. Maaaring pumili ang Opisina ng mga ahente sa piskalya at/o administratibo para sa IDHS/SUPR para tumulong sa pagpapalano, pamamahala, at pamamahagi ng mga pondo. Makikipagtulungan ang IDHS/SUPR sa mga kaugnay na ahensya ng Estado para magdisenyo ng naaangkop, partikular na mga tungkulin para mapabuti ang mga katungkulan nito at masulit ang Medicaid match.

Seksyon 4. Bilang pagpapatuloy ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-02 at para itaguyod ang mga layuning itinakda doon, itinatag ko ang Illinois Opioid Remediation Advisory Board (“Board”) na magsisilbing sub-committee sa Opioid Overdose Prevention and Recovery Steering Committee (“Committee”). Ang Board ay dapat pamunuan ng Chief Behavioral Health Officer ng Estado na naglilingkod sa isang di-bumoboto/ex-officio na kapasidad. Ang Office of Opioid Settlement Administration ay susuporta at tutulong para mapangasiwaan ang Board. Ang Board ay dapat magbigay ng mga payong rekomendasyon sa Committee tungkol sa progresibong paggamit ng mga pera sa Pondo para sa Approved Abatement Program gaya ng itinakda sa Agreement. Dapat na isaalang-alang ng Committee ang mga payong rekomendasyon ng Board at gumawa ng pinal na pagpapasiya sa paggamit ng mga pera ng Pondo. Ang Attorney General o ang kanilang naitalaga ay magpapatunay ng pagsunod sa mga tuntunin ng Agreement, mga Settlement, at anumang utos ng hukuman bago ang paggasta.

Seksyon 5. Ang Board ay bubuuin ng hindi hihigit sa labing-anim (16) na miyembrong bumoboto at labing-isang (11) miyembrong ex-officio (di-bumoboto). Sa mga miyembrong bumoboto, walo (8) ang hihirangin ng Estado at walo (8) ang magiging kinatawan sa ngalan ng mga lokal na pamahalaan, isa (1) sa mga ito ang magiging kinatawan sa ngalan ng Lungsod ng Chicago. Ang Illinois Office of Attorney General ang gagawa ng mga pagtatalaga ng Estado sa pakikipagsanggunian sa Kalihim ng Illinois Department of Human Services. Ang natitirang pitong (7) kinatawan mula sa mga kalahok na lokal na pamahalaan ay hihirangin ng Attorney General gaya ng itinakda sa Illinois Opioid Allocation Agreement na nagsimula noong Disyembre 30, 2021 at kumakatawan sa mga lokal na pamahalaan mula sa bawat isa sa pitong (7) rehiyon ng Illinois Department of Public Health. Sa mga inisyal na pagtatalaga, bawat isa sa apat (4) na hinirang ng Estado at apat (4) na hinirang ng lokal ay magsisilbi ng dalawang taon; bawat isa sa apat (4) na hinirang ng Estado at apat (4) na hinirang ng lokal ay magsisilbi ng apat na taon. Pagkatapos noon, ang lahat ng mga pagtatalaga ay magiging apat na taon. Kabilang sa mga ex-officio na miyembro ang mga sumusunod:

1. Illinois Attorney General, o ang Naitalaga.
2. Chief Behavioral Health Officer ng Estado, o ang Naitalaga.
3. Kalihim ng Illinois Department of Human Services, o ang Naitalaga.
4. Direktor ng Illinois Department of Public Health, o ang Naitalaga.
5. Direktor ng Illinois Department of Healthcare and Family Services, o ang Naitalaga.
6. Direktor ng Illinois State Police, o ang Naitalaga.
7. Direktor ng Illinois Department of Corrections, o ang Naitalaga.
8. Isang miyembro ng Illinois House of Representatives na hinirang ng Illinois Speaker of the House.
9. Isang miyembro ng Illinois Senate na hinirang ng Illinois Senate President.
10. Isang miyembro ng Illinois House of Representatives na hinirang ng Illinois House Minority Leader.
11. Isang miyembro ng Illinois Senate na hinirang ng Illinois Senate Minority Leader.

Seksyon 6. Sisikapin ng Board na tiyakin ang patas na paglalaan ng mga rekurso sa lahat ng bahagi ng Estado, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagsasaalang-alang ng populasyon pati na rin ang iba pang mga salik na nauugnay sa pagbabawas ng opioid, kabilang ang antas ng Opioid Use Disorder, Overdose Deaths, at dami ng opioid na dinadala sa bawat rehiyon gaya ng sinusukat sa Morphine Milligram Equivalents at papayuhan ang Committee tungkol sa pinakamataas at pinakamahasag na paggamit ng mga pera ng Pondo para maiwasan ang opioid dependency at isulong ang paggaling. Para sa layuning ito, ang Opisina ay dapat makipag-

ugnayan sa mga tagapagbigay ng teknikal na serbisyo para hikayatin ang mga indibidwal na may karanasan, mga eksperto sa paksa, at iba pang mga interesadong partido na bumuo ng isang komprehensibong plano, para sa pagsasaalang-alang, upang matugunan ang pagbabawas ng opioid.

Seksyon 7. Ang Board ay maaaring lumikha ng isa o higit pang mga Working Group para payuhan ang Board. Ang nasabing mga Working Group, kung nilikha, ay pamumunuan ng isang miyembro ng Board na siyang mag-uulat sa Board tungkol sa anumang mga pagpupulong at rekomendasyon ng Working Group. Bukod sa Tagapangulo [*Chair*], ang anumang Working Group ay maaaring buuin ng parehong hinirang na miyembro ng Board at iba pang hinirang na miyembro. Ang Tagapangulo ng alinmang Working Group at ang mga hinirang na miyembro ng Working Group ay hihirangin ng Kalihim ng Department of Human Services, sa pakikipagsanggunian sa Illinois Office of the Attorney General, at maglilingkod sa kagustuhan ng Kalihim.

Seksyon 8. Hihikayatin ng Opisina ang iba pang mga ahensya ng Estado, munisipalidad, at iba pang mga yunit ng lokal at rehiyonal na pamahalaan na makipagtulungan para tukuyin at ipakita sa Board ang isang pinagsama-sama at komplementaryong pamamaraan sa opioid use disorder at bawasan at tugunan ang trauma sa ating mga komunidad.

Seksyon 9. Ang Departamento ay awtorisado na makipagkontrata sa isang institusyong pang-akademiko para tumulong sa pananaliksik, pangongolekta ng mga datos, pagsusuri, pag-iimbak at pangkalahatang mga tungkuling pang-administratibo.

Seksyon 10. Ang Departamento ay magkakaroon ng awtoridad na i-redirect ang mga kasalukuyang empleyado at/o kumuha ng mga indibidwal para tulungan ito sa pagpapasulong ng mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

Seksyon 11. Maaari ding gamitin ng Departamento ang mga kasalukuyang rekurso para tumulong sa paggaling ng mga indibidwal na nakakaranas ng substance use disorder (SUD). Maaaring kabilang sa mga rekursong ito, ngunit hindi kinakailangang limitado sa, mga rekurso ng serbisyong panlipunan na ginagamit para tugunan ang prebensyon ng pagpapakamatay, magkakasamang mga kondisyon, kawalan ng seguridad sa pagkain at pabahay, kalungkutan at pagkawala na nauugnay sa pagkamatay dahil sa overdose, at talamak na pagkakasangkot sa hustisyang kriminal.

Seksyon 12. Ang Departamento ay awtorisado na lumikha at magtalaga ng mga rekurso ng edukasyon at pagsasanay sa mga lugar ng Estado na tinutukoy nito na apektado ng epidemya ng opioid. Maaaring kabilang sa naturang mga rekurso ang, ngunit hindi limitado sa, pagtukoy sa mga pinaka-nanganganib at para isama ang mga serbisyo sa pagsasanay para sa karera at pagkakalagay sa trabaho.

Seksyon 13. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa mga umiiral na kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang paglipat, muling pagtatalaga, o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

Seksyon 14. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

Seksyon 15. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap ay idineklara na maaaring ihiwalay.

Seksyon 16. Ang Board at anumang Working Group na nilikha ng Board ay sasailalim sa mga probisyon ng naaangkop na batas, kasama nang walang limitasyon ang Illinois Open Meetings Act, 5 ILCS 120/, at ang Illinois Freedom of Information Act, 5 ILCS 140/. Ang mga miyembro ng Board at mga miyembro ng anumang Working Group na nilikha ng Board ay sasailalim sa

mga probisyon ng naaangkop na batas, kasama nang walang limitasyon ang Illinois State Officials and Employees Ethics Act, 5 ILCS 430/.

Seksyon 17. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Agosto 30, 2022
Inihain sa Kalihim ng Estado Agosto 30, 2022